Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
Website: www.bulacandeped.com  Email: bulacan@deped.gov.ph

Agosto 23, 2018

Sa mga: Hepe ng Dibisyon
Tagamasid Pampurok ng Bulakan
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya (Bulakan)
At sa iba pang Kinauukulan

Ipinagbibigay-alam na sa darating na ika-30 ng Agosto, 2018 ay ipagdiriwang ang ika-168 Guning Pagsilang ni Gat. Marcelo H. Del Pilar. Kaugnay nito, ang ating dibisyon ay magalang na inaanyayahan na dumalo at makiisa.

Ang palatuntunan ay isasagawa sa ganap na ika-7:30 ng umaga sa harap ng Dambanang Marcelo H. Del Pilar sa San Nicolas, Bulakan, Bulacan. Inaanyayahan sa nasabing palatuntunan ang Tagamasid Pampurok ng Bulakan, mga Puno ng mga Paaralan at mga guro ng Araling Panlipunan, Elementarya at Sekondarya sa Distrito ng Bulakan. Pormal ang kasuotan.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed. D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg.** 179 **, s. 2018**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

## TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Agosto 16, 2018

SDO OF BULACAN
RECEIVED
AUG 22 2018
By: 2826

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*School's Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Sa darating na **ika-30 ng Agosto** ay ipagdiriwang ang *ika-168 Guning Pagsilang ni Gat Marcelo H. Del Pilar,* na kilala din sa kanyang sagisag panulat na **Plaridel**, ang "Dakilang Propagandista".

Bilang pagkilala sa kanyang kagitingan at ibayong sakripisyo, nararapat lamang na ating maringal na ipagdiwang ang araw ng kanyang kapanganakan at ito ay bigyan ng ibayong pagpapahalaga at paggalang. Ang tema ng pagdiriwang para sa taong ito ay **"Marcelo H. Del Pilar: Bayani Noon, Ngayon, at sa Nagbabagong Panahon."**

Kaugnay nito, kayo ay aming inaanyayahang dumalo, kasama ang inyong **isang daang (100) *district supervisors at principals,*** sa **ika-168 Guning Pagsilang ni Gat Marcelo H. Del Pilar** na gaganapin sa **ika-30 ng Agosto, 2018, 7:30 ng umaga,** sa harap ng **Dambanang Marcelo H. Del Pilar** sa **San Nicolas, Bayan ng Bulakan, Bulacan**, kung saan ang ating Panauhing Pandangal ay si Kalihim Harry Roque. Ang kasuotan para sa nasabing pagdiriwang ay Barong Tagalog at Filipiniana.

Inaasahan namin ang inyong mahalagang pagdalo at pakikiisa sa nasabing pagdiriwang.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan


GOV. WILHELMINO M. SY-ALVARADO
VICE GOV. DANIEL R. FERNANDO

*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: gops.pgbbulacan@gmail.com*

*"Lalawigan ko'y ikaw, Lingkod mo ako"*

